

Oo sa 124: Pamantayan sa Kalusugan at Kaligtasan ng mga Manggagawa sa Bahay- Tuluyan ng Seattle

Ngayon, 7,500 manggagawa na may mababang-sahod sa Seattle ay nagtatrabaho sa industriya ng bahay-tuluyan, 30% ay galing sa Asya

Ang industriya ng bahay- tuluyan ay inaasahang lumago ng higit sa 30% sa susunod na limang taon. Ang bahay- tuluyan sa lungsod ng Seattle ay nakaabot ng pinaka- mataas na okupasyon bilang resulta ng nangyayaring paglago ng ekonomiya ng siyudad. Bagkus dito, ang mga manggagawa sa bahay- tuluyan ay nakaranas ng di namatyagang panliligalig, hindi maabot na gastos-pangkalusugan, hindi makataong bigat ng trabaho, at ang panay na takot na mawalan ng trabaho. Ang industriya ng bahay- tuluyan ay isang importanteng pinanggagalingan ng madaliang trabaho para sa mga babae, taong nangingibang- lupain, at mga taong Aprikano sa lungsod ng Seattle. Ang \$1.5 bilyong pagpapalawak ng sentro ng pagpupulong sa estado ng Washington ay magiging malawakang pang- publikong pamumuhunan bilang suporta sa siyudad sa mga malalaking bahay- tuluyan ng lungsod ng Seattle.

PROTEKSYON LABAN SA PANLILIGALIG NA SEKSUWAL AT PAG-SALAKAY

Ang mga taga- linis ng kwarto, taga- silbi sa mga kwarto, at iba pang empleyado ng bahay-tuluyan ay madalas nag- iisa habang nag- tatrabaho sa loob ng silid ng mga parokyano. 80% ng mga taga- linis ng kwarto ay mga babae. Malimit and mga insidente ng mga panliligalig na seksuwal, at ang mga babae ay nagtatrabaho na laging may pangamba ng panliligalig at pagsalakay. Ang paglilingkod na may mentalidad na “ang parokyano ay laging tama” ay pumipigil sa mga empleyado na maghain ng reklamo laban sa mga parokyano at ang pamunuan na gumawa ng hakbang.

ANO ANG GAGAWIN NG BATAS

- **Magbigay ng “panic buttons” sa mga empleyado at humingi ng paglalagay ng patakaran laban sa panliligalig sa loob ng kwarto ng mga parokyano.**
- **Mag- atas ng gagawing pamamaraan sa mga reklamo ng panliligalig at pagsalakay kasama na ang paglatha ng mga insidenteng iyon, pagpapatalsik sa mga parokyano, at pagbigay sa mga trabahador ng paunang pasabi kung babalik ang nanliligalig na tao.**

MABUTING PARAAN UPANG MAGKAROON NG ABOT- KAYANG PANGGAGAMOT NA SAKOP ANG BUONG PAMILYA

Ang mga trabahador sa pang-kagiliwan ay may pinaka- mababang antas na magkarron ng daan upang makakuha ng kalusugang pang- seguraduhan na iniaalok ng mga amo at pangalawa sa pinaka- mababa na nakakakuha ng buwanang kontribusyon mula sa mga amo na para sa kanilang pangkalusugang pangangalaga sa kahit anong industriya sa buong estado ng Washington. Ang karaniwang buwanang kaltas sa mga trabahador upang sakop ang buong pamilya ay lagpas ng \$500, talagang kapos sa kakayahang maabot ng mga empleyado sa pang-kagiliwan na may mababang sahod. Maski na may “Affordable Care Act”, walang daan para sa karamihan ng mga manggagawa na makayanan ang pangkalusugang kaseguraduhan para sa pamilya sa pamamagitan ng kanilang mga amo o sa palitang pangkalusugan, at marami pa rin ang umaasa sa tulong ng estado.

ANO ANG GAGAWIN NG BATAS

- Kinakailangan na ang mga amo ay kundi magbigay ng abot- kayang pangkalusugang kaseguraduhan para sa pamilya para sa mga empleyadong may mababang sahod o magbigay ng karagdagang kabayaran upang makayanan ang mga kabayaran sa pangkalusugan ng mga empleyado.
 - Siguraduhin na ang lahat ng mga trabahador na may mababang- sahod sa lungsod ng Seattle na na- ninilbihan sa malalaking bahay- tuluyan ay may paraan sa de- kalidad na pangkalusugang kaseguraduhan para sa buong pamilya at hindi hihigit sa 6% sahod sa buong taon
-

PROTEKSYON LABAN SA PINSALA SA KATAWAN DAHIL SA HINDI MAKATAONG BIGAT NG TRABAHO

Ang mga taga-linis ng kwarto sa mga bahay-tuluyan ay nakakaranas ng napakataas na antas ng pinsala sa katawan dahil sa mabigat at paulit-ulit na uri ng kanilang trabaho. Isang halimbawa, sa magagarang bahay-tuluyan, ang mga taga- linis ng kwarto ay kailangang magbuhat ng kutson ng paulit-ulit na ang bigat ay lampas sa bigat na itinakda ng gobyerno na maaaring buhatin sa trabaho. Ang mga pamamaraan at patakaran ng pamunuan ay napatunayang nagsasanhi ng antas ng pinsala sa mga trabahador sa bahay-tuluyan.

ANO ANG GAGAWIN NG BATAS

- Limitahan ang lawak ng mga kwarto na kailangang linisin ng tagalinis ng kwarto sa isang otso- oras na trabaho sa humigit- kumulang na labinlimang mga kwarto at kailangang bawasan ito kung masyadong matrabaho ang ibang kwarto at magbigay ng isa at kalahating- oras na na bayad kung may karagdagang talampakang- parisukat na lampas sa nakatakda.
 - Pagandahin ang antas ng pinsala sa katawan ng mga tagalinis ng kwarto sa pamamagitan ng pagbawas sa hindi ligtas na bigat ng trabaho at pagpabagal sa galaw sa pagtatrabaho.
-

PARAAN UPANG MAPANATILI ANG TRABAHO

Kadalasan ang mga lupain ng mga bahay- tuluyan ay tinuturing na lupaing pagkakakitaan kaysa operasyong negosyo at madalas mabili o maibenta. Ang biglaang pag- unladsa ekonomiya ng lungsod ng Seattle ay lalong nagpabilis sa bentahan ng mga bahay- tuluyan, pati na ang pagsanib at pagbili ng mga korporasyon taga- ibang bansa na nangyari kamakailan. Ang pagbabago sa pagmamay-ari ng bahay- tuluyan at pamunuan ay nakakasira sa kabuhayan ng kasalukuyang mga trabahador, na maaring mawalan ng trabaho sa panahon ng mga pagbabagong iyon.

ANO ANG GAGAWIN NG BATAS

- Bigyan ang mga kasalukuyang trabahador ng bahay- tuluyan ng pagkakataon na mapanatili sa kanilang trabaho sa ilalim ng bagong pamunuan.
 - Bawasan ang pagkasagabal at pagandahin ang paglilingkod sa industriya ng pangkagiliwan sa pamamagitan ng pagpapa- ubaya sa mga datihang trabahador na manatili sa kanilang trabaho maski may pagbabago sa pagmamay- ari o pamunuan.
-



Paid for by Seattle Protects Women – UNITE HERE Local 8 for Yes on 124 | 2800 First Ave Ste 3, Seattle, WA 98121
Top Contributors: UNITE HERE! Local 8, MLK Jr. County Labor Council Committee on Political Education

